




REPUBLICA NG PILIPINAS  
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City



Trunkline : 632-1361  
Fax: 633-7231  
DETx: 0919-4560027  
Website: <http://www.deped.gov.ph>

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. 213 s. 2004

MAY 12 2004

**PAMBANSANG SEMINAR SA WIKANG FILIPINO**

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor Panrehiyon  
Punong Guro, Pamubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino, Ink. (PSLF, Ink), at De La Salle University-Dasmariñas, at Unibersidad ng Makati, ay magdaraos ng Pambansang Seminar sa Filipino na may paksang "Pagtuturo ng/sa Filipino: Teorya at Praktika." Ito ay gaganapin sa mga sumusunod na lugar at petsa:

Lugar	Petsa
Tanghalang Severino de las Alas, De La Salle University – Dasmariñas	Hulyo 29-31, 2004
Umak Mini-Theater Universidad ng Makati	Agosto 25-27, 2004

2. Nilalayon ng pambansang seminar na matamo ang mga sumusunod:
- mapalalim ang kaalaman sa iba't ibang makabagong teorya sa pagtuturo ng/sa Filipino;
  - masuri ang sariling kahandaan sa paggamit ng iba't ibang teknolohiyang instruksiyonal;
  - matalakay ang mga isyu kaugnay ng patuluyang pagtuturo sa labas ng klasrum; at
  - Maisapraktika ang mga teoryang natutuhan.
3. Kasama sa mga paksang tatalakayin ang mga sumusunod:
- Pagtuturong fokus sa mag-aaral;
  - Teorya at praktika ng multiple intelligences;
  - Iba't ibang teknolohiyang instruksiyonal;
  - Aplikasyon ng multi-media;
  - Patuluyang pagtuturo sa labas ng klasrum;
  - Sistema ng paghahatid ng karunungan; at
  - Pagbasa ng mga obrang pampanitikan.

4. Inaasahang dadalo sa seminar na ito ang mga panrehiyong/pansangay na supervisor sa Filipino, Tagapag-ugnay/Tagapangulo ng/sa Wikang Filipino, puno at guro ng mga asignaturang itinuturo sa Filipino, at mga kinatawan ng mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya, pribado o pampubliko man. Pinahihintulatang dumalo ang sinumang guro na may interest sa paksa sa pasubaling ang kanilang mga klase ay hahawakan ng mga gurong bakante o kaya'y maaaring ipamahagi ang mga mag-aaral sa sinumang guro na kapareho ang gradong tinuturuan ng gurong dadalo sa seminar. Ang mga manggagaling sa pampublikong paaralan ay maaaring dumalo sa **opisyal na oras lamang**.

5. Ang mga dadalo ay magbabayad ng Dalawang Libo Limang Daang Piso (PhP2,500.00) para sa rehistrasyon na gugugulin sa pagkain (6 merienda, 3 tanghalian), seminar kit, handouts at iba pang gastusing kaugnay ng seminar na ito.

6. Para matiyak ang bilang ng ihahandang pagkain, kit at handouts, mangyaring magpadala ng reserbasyon dalawang linggo bago ang araw ng seminar sa pamamagitan ng sinuman kina:

<b>Dr. Aurora E. Batnag</b> Kalihim, PSLF oji@batnag.com	<b>Dr. Candelaria Cui-Acas</b> Direktor Tagapagpaganap, PSLF s/p Komisyon sa Wikang Filipino Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel St., Manila Tel. Blg. 734-5547/736-2526	<b>Prof. Emma O. Sison</b> Ingat-Yaman, PSLF DLS – College of Saint Benilde Taft Avenue, Manila Tel. Blg. 525-7441, lokal 105 sisone@csb.dlsu.edu.ph
--	--	---

7. Hindi kasama sa seminar fee ang tirahan, kaya sa mga mangangailangan ng pansamantalang tirahan o dormitoryo, mangyaring ipadala ang inyong reservasyon nang maaga kina:

<b>Dr. Lakandupil C. Garcia</b> Kagawaran ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas DLSU – Dasmariñas Tel. Blg. (046) 416-4531 lokal 3071/3188 lakandupil@yehey.com	<b>Prof. Rolando A. Bernales</b> Universidad ng Makati – KAS Makati City Tel. Blg. 883-1872/757-6039 rabemales@yahoo.com	<b>Dr. Teresita Fortunato</b> Departamento ng Filipino De La Salle University Taft Avenue, Manila Tel. Blg. 524-4611, lokal 509 fortunatot@dlsu.edu.ph
---	--	---

8. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
**EDILBERTO C. DE JESUS**  
 Kalihim

Sanggunian: W a l a  
 Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)  
 Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim  
 ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILIPINO

SEMINARS